

1

“Lola, please ayokong magpakasal kay Ramon,” protesta ni Dane Serna sa kanyang Lola Bretta. Bukas na bukas din daw ay mamamanhikan na si Ramon Dantes kasama ang pamilya nito.

“Aba, bata ka, sumusuway ka na ba sa akin? Apo, kaya ko ito gagawin ay para rin sa kapakanan mo. Matanda na ako. Sino ang titingin sa iyo?” anang sesenta y cinco años na matanda.

“Kaya kong pangalagaan ang sarili ko, Lola,” matigas na wika ng dalaga.

“Beinte-cinco ka na nga, pero halos wala ka pang alam sa mundo. Ano na ang mangyayari sa iyo, apo ko? Paano kung bukas makalawa ay mawala na ako?”

Matagal mabuhay ang isang masamang damo, gusto niyang ibulalas iyon kung hindi nga lang ito lalong maghuhuramentado.

“Simula nang mamatay ang mga magulang mo ay ako na ang nagpalaki sa iyo, kaya alam ko kung ano ang makabubuti sa iyo,” mariing pahayag nito.

Her parents died in a car accident when she was just seven years old. Sa kanyang murang edad ay

alam na niya ang mga nangyayari sa paligid. Solong anak ng kanyang lola ang daddy niya. Nang mawala ang kanyang mga magulang ay kinupkop na siya ng matandang babae kaya lumaki siya sa piling nito.

Mabilis siyang nag-mature. Isang rason marahil ay dahil sa kalupitan ng kanyang abuela. Mabuti na lang laging naroon ang kanyang Lolo Felipe na hindi siya pinababayaan. Medyo bumait na lang ito nang mamatay ang asawa nito noong siya ay nagdalaga na at lalo na nang nakapagtapos siya ng pag-aaral ng Accountancy.

“Lola, bata pa ako at wala pa sa bokabularyo ko ang mag-asawa. At isa pa, hindi ko mahal si Ramon.”

“Dane, matagal na nating napag-usapan ito. Sa ayaw at sa gusto mo, magpapakasal ka sa anak ni Mayor Ding Dantes. Hindi ka ba natutuwa n'on, mapapabilang ka sa pamilyang marangal. At isa pa, mabait na bata si Ramon; matututunan mo rin siyang mahalín.”

Napabuntong-hininga siya. “Lola, huwag nga kayong magbulag-bulagan. Bastos si Ramon at ayaw ko sa kanya. Hindi n'yo pa ba iyon nakikita pag umaakyat siya dito sa bahay?”

Hindi niya gusto ang ugali ni Ramon. Mayabang

ito at bastos. Bagaman may hitsura ito pero nangingibabaw rito ang pangit na ugali. At higit sa lahat, marami siyang naririnig at nababalitaan tungkol sa mga tiwaling pamumuno ni Mayor Ding, ama ni Ramon sa bayan ng San Mateo, isang maliit na bayan ng Palawan. May illegal itong mga gawain na hindi nabubunyag dahil sa lakas ng kapangyarihan nito at impluwensya sa kanilang bayan.

Matalik na magkaibigan ang lolo niya at ang pamilya ng mga Dantes dahil na-involve din sa pulitika ang kanyang nasirang abuelo. Namatay ito dahil din sa pulitika halos sampung taon na ang nakalilipas.

Lihim siyang ipinagkasundo ng Lola Bretta niya kay Mayor Ding nang malaman ng alkalde na may gusto si Ramon sa kanya. Nanligaw sa kanya ang binata pero ito ay kanyang binasted. Wala siyang pagtingin dito. Ang ginawa nito, ang lola niya ang niligawan at sinilaw ng kayabangan at pera. At pinalabas pa ng lalaki na magkasintahan na sila na pinaniwalaan naman ng matandang babae.

“Aba, siyempre, magkasintahan na kayo. Hindi naman masamang hawakan ka niya sa kamay. Hindi iyon kabastusan, Apo. Napakabait na tao ni Ramon, magalang. Hindi ka ba natutuwa lagi siyang

may dalang pasalubong sa 'yo? Mapapanatag ang kalooban ko kung ikaw ay mapupunta sa kanya. Tiyak na may seguridad ka.”

Talagang nasilaw na ang kanyang lola sa pera at pambobola ng mga Dantes. Hindi lingid kay Dane ang mga regalo na kung anu-ano o kaya pera na ibinibigay rito ng pamilyang iyon.

Kung tutuusin ay may-kaya naman sila. May ilang lupain sila na pinapasaka ng kanyang lola. At kahit papaano ay may alam siya at nagiging katuwang ng matanda sa pangangasiwa niyon.

“Ayaw ko sa kanya, Lola,” aniyang biglang tumayo mula sa pagkakaupo sa kama. Nasa loob siya ng kanyang kuwarto nang pumasok ang matanda para ianunsyo ang pamamanhikan ni Ramon at ng mga magulang nito.

“Dane, huwag mo akong ipapahiya,” galit na wika nito. “Ako ang magdedesisyon kung ano ang mangyayari sa buhay mo. Huwag kang maging matigas ang ulo katulad ng ama mo,” pinal nitong saad bago lumabas ng kanyang silid.

She wanted to burst in tears. Pati ang nananahimik niyang ama ay dinadawit nito. She was getting hopeless. Simula pagkabata ay naging sunud-sunuran

siya sa gusto ng matanda. *Dito ka mag-aral. Ito ang kunin mong kurso, ayaw ko sa kaibigan mo.* Kulang na lang pati paghinga niya ay pakikialaman nito.

Kailangan mayroon siyang gawin.

“Sol, ano ang gagawin ko?” Hindi mapakali si Dane habang kausap ang matalik niyang kaibigan sa bahay nito. “I don’t want to marry him.”

Nakatakda siyang ikasal sa Mayo, at iyon ay sa susunod na buwan na. Iyon ang petsang napag-usapan sa pamamanhikan ng mga Dantes sa bahay nila. Naalala niya kung paano ngumisi si Ramon like a foolish dog. Nangilabot siya kung paano siya nito tingnan na animo’y sasakmalin siya nito.

“Paano ’yan, Best?” anito. ‘Best’ ang tawag nito sa kanya. “Ba’t ang bilis magdesisyon ni Lola Bretta mo?”

“Ilang beses kong pinakiusapan si Lola, pero ayaw niyang makinig sa akin. Sol, kung alam mo lang kung paano makatingin sa akin ang Ramon na ’yon, mangingilabot ka. Habang tumatagal ay nakikita ko na may pagkamanyak ang lalaking ’yon. Natatakot ako.”

“Eh, ano ngayon ang desisyon mo? Wala akong maisip na paraan, knowing your Lola Bretta. Wala tayong ibang choice kundi pakasalan mo ang halimaw na ’yon.”

“Soledad, may choice tayo. May choice ako,” tutol ng dalaga. “Hindi ako magpapakasal sa kanya, that’s my decision,” matigas niyang wika.

Nanahimik si Sol. Alam nito na naiinis na siya lalo na’t buong pangalan na ang nababanggit niya.

Dane had to devise a plan. Nagpalakad-lakad siya habang matamang nag-iisip. Mayamaya ay may naisip na siya kaya lang ay kailangan niya ang tulong ng kaibigan.

“Kung kinakailangan kong maglayas, gagawin ko,” marahan niyang saad na tila pinag-aaralan ang balak.

“Maglayas? Saan ka naman pupunta?” nag-aalalang tanong nito. “Hindi ba mas lalong nakakatakot ’yon? Ang makakalaban mo na dito ay hindi lang ang lola mo kundi pati na si Mayor.”

“That’s the only plan that I know will work for me to get out of this misery. Kaya kailangan mo akong tulongan, Sol.” Her heart began to pound in anticipation.

“Naku! Paano ba ako makakatulong niyan? Baka pati ako ay manganib, Best. Ako ang kinakabahan sa mga naiisip mo.”

“Wala na akong ibang maisip. Ikaw, may naisip ka ba?” angil niya.

Matamang nag-isip si Sol. Wala rin itong maisip.

Umiling ito. “Wala, eh,” anito pagkuwan. “Saan ka naman pupunta at paano mo gagawin iyon?”

“Kailangan kong makalayo sa lugar na ito as soon as possible na hindi nila kaagad mapapansin. Kailangan sa malayong lugar na hindi ako masusundan ni Ramon o ng mga tauhan ni Mayor.”

“Saang lugar kaya iyan?”

“Sa Manila.”

Namilog ang mga mata nito sa pagkagulat. “Manila? Sino ang pupuntahan mo doon? Manila is such a big place, a big city. Baka kung mapapaano ka lang doon. Hindi mo kabisado ang lugar doon.”

“Madali na lang ’yon.”

“Madali lang sabihin na madali. Eh, paano kun—“

“Walang nang pero-pero,” asik niya. “Basta tulungan mo ako. Kaysa naman magdusa ako

habang-buhay sa piling ng lalaking iyon. May natitira akong pera sa bangko, magagamit ko 'yon. At kung papalarin, doon ko na lang hahanapin ang buhay ko.”

“Paano si Lola Bretta? Baka mapa’no ’yong matanda sa pag-aalala pag bigla ka na lang naglaho. At tiyak ipapahanap ka niya pag nalaman nila na nawawala ka. At si Mayor, maimpuluwensya siya, kaya ka niya ipa-trace.” Lalo itong nag-alala.

“Ano ka ba? Hindi naman ako habang-buhay na mawawala. Babalik din ako pag naging maayos na ang lahat. Mahaba pa ang buhay ng lola ko, ano! Baka matuwa pa nga siya na wala na ako sa poder niya. Wala naman siyang inintindi kundi ang sarili niya,” masama ang loob na wika niya. “Kailan ba niya pinahalagahan ang damdamin ko? Puro sarili lang niya ang iniisip niya.”

Lumapit ito sa kanya at inalo siya. “Kaya mo ito, Best. Basta kung ano man ang maitutulong ko, gagawin ko.”

“Salamat, Sol. Wala na talaga akong matakbuhan kundi ikaw lang,” naiiyak niyang sabi.

“Malalampasan mo rin ito,” anito at niyakap ang dalaga.

Lalong napahikbi si Dane sa awa sa sarili. Kung

sana lang ay nabubuhay pa ang mga magulang niya...
Baka naging iba ang takbo ng buhay niya.

“May awa ang Diyos, Best,” ani Sol habang tinatapik ang kanyang likod.

Lumapag ang eroplano na sinasakyan ni Dane sa domestic airport ng Manila mula sa Palawan. Sa kabila ng matiwasay na paglapag ng plane niya ay abut-abot pa rin ang kaba na kanyang nadarama sa paglalayas na ito. Naging alerto siya sa bawat nakakaharap, sa bawat tumitingin sa kanya. Paano nga naman kung may makakita sa kanya na kakilala ng pamilya ni Ramon o kaya ng lola niya. Tiyak mabubuliyaso ang plano niya.

Kahit papaano ay nakahinga siya nang maluwag nang masiguradong safe and sound siya na nakarating ng Manila. Si Soledad lamang at wala nang iba ang nakakaalam ng kanyang pag-alis sa bayan nila.

Ang paalam niya sa kanyang lola ay pupunta siya sa kanilang farm. Umalis siya ng bahay bitbit ang handbag lang niya. Halos isang linggo rin niyang pinaghandaan at pinagplanuhan kung paano ang gagawin kasama ang kaibigan.

Bumili siya ng di-kalakihang traveling bag. Bago

siya umalis ay pinabaunan siya ni Sol ng mga ilang damit at personal things na kakailanganin niya. Nag-withdraw rin siya ng pera niya sa bangko para sa ilang araw niyang pagkawala. Kung hanggang kailan siya magtatago, hindi niya alam. Hindi rin niya alam kung ano ang gagawin pag naubusan siya ng pera. Sa ngayon, ang mahalaga ay makalayo siya.

Nag-iwan siya ng sulat sa drawer ng kanyang tokador para sa kanyang abuela. Ipinaliwanag niya ang dahilan kung bakit siya naglayas at humihingi siya ng patawad at pang-unawa.

Napag-usapan nila ni Sol sa oras na makarating siya ng Manila ay papasyal ito sa kanila at kunwari ay hahanapin siya. Ito ay para mabura sa isipan ng matanda na may kinalaman ang kaibigan niya sa kanyang pagkawala.

Umaasam siya na magtagumpay ang plano niya at hindi siya mahanap ng mga Dantes kung sakali mang ipahanap siya ng mga ito.

Alam na niya kung ano ang susunod niyang gawin pagkalabas ng airport. May nakita siyang mga mumurahing hotel at doon muna siya magpapalipas ng oras bago gawin ang susunod na hakbang. Pupuntahan niya ang isang kamag-anak ni Sol para pansamantalang tumuloy roon at magpatulong

maghanap ng trabaho.

She took a deep breath, picked her traveling bag and walked away to a new world she didn't know what lies ahead.

At last, she felt free.

2

“Yes, this is Greg del Rosario.” Hawak ng binata ang receiver ng telepono habang nakikipag-usap sa agency. Naghahanap siya ng katulong dahil umuwi ng probinsya si Manang Ludring, ang kanyang katiwala sa bahay. Namatayan ito kaya kailangang umuwi ng Bisaya at hindi pa sigurado kung makababalik. Sobra siyang busy at hindi niya kaya na walang katulong sa bahay.

Nag-follow-up siya sa ahensya na nagha-hire ng local housemaid. Wala siyang makitang nag-a-apply kahit nagpaskil na siya ng karatula sa harapan ng gate ng bahay niya na nagsasaad na kailangan niya ng katulong.

“Wala pa ba kayong mga aplikante ngayon? You told me that it wouldn’t take long to process this.” Halata na ang pagkapikon sa kanyang boses.

“Pasensya na po kayo, Sir Del Rosario, ang mas marami kasi ngayon na mga applicants natin ay mga nais makapagtrabaho sa abroad tulad ng Hongkong at Singapore. Pero may mga nagpasa na po ngayong araw na ito for local employment. Kaya lang kulang pa po sila ng mga requirements. Sinisiguro lang po

namin, Sir, na hindi kami mapapahiya sa aming mga clients katulad n'yo po,” paliwanag ng babae sa kabilang linya.

He sighed. Ano pa nga ba ang magagawa niya kundi ang maghintay.

“But please inform me as soon as possible. I hope we can expedite this.”

“Makakaasa po kayo, Sir.”

Ibinaba na niya ang telepono. He was getting frustrated kung ano ang gagawin.

Nagtatrabaho siya bilang cardiac surgeon sa *Word of Hope Medical Center*, isang kilalang private hospital sa Quezon City. Sa uri ng trabaho niya na laging on-call sa duty ay nahihirapan siyang mag-isa sa bahay kaya kailangan niyang laging may kasama. Hindi kalakihan ang kanyang bahay pero nahihirapan siyang mag-maintain. Tambak na rin ang labahin niya. Halos dalawang linggo nang wala si Manang Ludring. Hindi naman niya ito madala sa laundry shop upang ipalaba dahil lagi siyang kapos sa oras.

“Bakit, Pare, nahirapan ka bang maghanap ng katulong?” untag ni Dr. Brent Santos, ang matalik niyang kaibigan habang nakikinig ito sa pakikipag-usap niya sa agency. Nasa loob sila ng kanyang

opisina sa ospital.

“Yeah, si Manang Ludring ay hindi sigurado kung babalik pa kaya kailangan ko ngayon ng kapalit na katulong sa bahay.”

“Alam mo, may solusyon tayo diyan. Mag-asawa ka na,” pabirong wika nito.

“Problema natin ’yan, Pare. Sobrang busy tayo sa trabaho natin,” natatawa niyang tugon.

“It’s not a problem. Ang dami diyan, o. Dito pa lang sa hospital ay solved ka na.” Tumawa ito. May katotohanan iyon dahil halos lahat ng staff nila ay may pagtingin kay Greg mapa-doktor man o nurse na dalagang babae. Pati pasyente ay marami ang nabibighani sa kanya.

“Ikaw talaga,” nailing niyang saad.

“Look at me, I am happy with my wife and kids. May nag-aasikaso sa akin, may nagluluto ng pagkain ko. Kulang na lang pati pagligo, eh, paliguan ako ng misis ko,” biro nito.

Nagtawanan sila.

“Kung niligawan mo sana si Dra. Samantha bago siya nag-migrate sa Canada, masaya na sana ang buhay mo ngayon,” pagpapatuloy nito. Ang tinutukoy

nito ay ang isang pediatrician na may gusto sa kanya bago ito umalis papuntang ibang bansa. “Ikaw lang itong pihikan, eh.”

“Hindi lang talaga kami compatible. Maganda siguro kung nasa ibang field naman. Pakiramdam ko kasi parang nasa hospital ako kapag ka-date ko ang isang babae of the same profession.”

“You mean, puro medical cases ba ang napag-uusapan n’yo ni Dra. Samantha? Boring ba, Pare?” natatawa nitong sabi.

He just shrugged his shoulders.

“Seriously speaking, your life will be different if you have a woman who will take care of your needs. And besides, we are not getting younger.”

Isan ngiti lang ang isinagot niya rito.

Habang bitbit ang kanyang travelling bag, naglalakad si Dane sa isang kalye at hinahanap ang bahay sa address na nakasulat sa isang maliit na papel na hawak niya. Sinubukan niya sa araw ng Linggo na iyon kung makikita niya ang bahay ng tiyahin ni Sol.

Nang nagdaang araw ay nagkausap sila ng kaibigan sa cellphone. Ibang SIM card ang kanyang

ginamit para hindi siya makontak ng kanyang lola at maging ng mga Dantes. Ibinalita nito na pinaghahanap na nga siya sa kanilang bayan. Nakita na rin ng Lola Bretta niya ang kanyang sulat, kaya alam na nito na siya ay naglayas. Si Ramon naman ay pinaghahanap siya. Na-trace nito na nasa Manila siya dahil nakontak nito ang airline na kanyang sinakyan. Nagmadali rin siyang nag-check-out sa hotel kaninang umaga. Kailangan niyang makapagtago ngayon.

May nakita siyang mga tricycles na nakaparada sa isang kanto. Magbabakasakali siyang magtanung-tanong doon at baka may alam ang mga ito sa address na hinahanap niya.

Habang naglalakad at palinga-linga sa paligid, napansin niya ang isang di-kalakihang bahay, may nakapaskil doon sa pulang gate:

Wanted: Housemaid

Apply Inside

Biglang bumilis ang tahip ng kanyang dibdib. Nagkaroon siya ng idea. Kailangan niya ngayon ng matutuluyan. Saka na lang niya hahanapin ang

bahay ng tita ni Sol. Ang kailangan niya ngayon ay assurance. Tinitigan niya ang karatula, mayamaya ay tiningnan naman niya ang sarili niya.

Mamamasukan siya bilang isang katulong!

Mukha ba akong katulong? Papasa kaya ang hitsura ko bilang katulong? nagdadalawang-isip na tanong niya sa sarili. Paano kung malupit ang may-ari ng bahay? Ano ang gagawin niya?

Mali. Ang tamang tanong ay, tatanggapin kaya siya bilang katulong? Sa hitsura pa lang niya ay mukha siyang artista—maputi, maganda, matangkad, balingkinitan ang katawan. At sana wala pang nahahanap na katulong ang may-ari ng bahay.

Ano ba ang gagawin niya? Kailangan hindi siya abutan ng gabi sa daan bagaman alas tres pa lang ng hapon. Pero pakiramdam niya habang nasa daan siya ay lalong nanganganib ang buhay niya.

Biglang gumana ang kanyang utak. Lumakad siya palayo papunta sa isang tabi. Nang makapuwesto siya nang maayos-ayos ay kinuha niya ang compact niya at tiningnan ang sarili sa salamin. Kumuha siya ng tissiue at pinunasan ang mukha para matanggal ang makeup at lipstick niya. Ginulo rin niya ang buhok para magmukha siyang kaawa-awa. Naghalungkat

siya ng maluwag na t-shirt sa kanyang bag.

Nakahinga siya nang maluwag nang may nakita siya. Buti na lang at mayroon siyang mga lumang damit na pabaon mula kay Sol. Hindi siya puwedeng maghubad ng damit, kaya isinuot na lang niya iyon at ginawang panloob ang blouse niya. Tamang-tama na nakasuot siya ng lumang jeans at rubber shoes. Maluwag ang t-shirt at makapal kaya hindi halata ang blouse niya sa loob.

Tiningnan ulit ni Dane ang sarili sa salamin. *Puwede na siguro ito.* Muli siyang huminga nang malalim at nagdasal na sana ay maganda ang kahihinatnan ng gagawin niya..

Naalimpungatan si Greg nang marinig niya ang sunud-sunod na tunog ng kanyang doorbell. Hindi niya namalayan na nakaidlip siya sa sofa dahil sa pagod. Unti-unti ay nagawa niyang iligpit ang mga kalat sa sala kapag ganitong spare time niya.

Sino naman kaya ang bisita niya? Sumulyap siya sa wall clock; alas tres y media ng hapon. Nagmamadaling lumabas ang binata sa bahay. Binuksan niya ang maliit na pinto ng gate. Napakunot ang kanyang noo nang makita ang isang babae.

Maganda ito pero mukhang probinsyana. At kung ngumiti ay halatang pilit.

“Ser, mag-apply ako katulong,” anito, matigas ang diction nito. Nakanguso ito sa karatulang nakapaskil.

Ito na kaya ang galing sa agency? Wala pa siyang natatanggap na balita mula roon pero wala na siyang pakialam. Ang mahalaga ay magkakaroon na siya ng katulong.

“Tuloy ka, doon tayo sa loob.” Tumabi siya upang makapasok ito. Muli niyang isinarado ang gate at nauna siyang pumasok ng bahay kasunod ang babae.

Kapag sinusuwerte ka nga naman! Sino ang mag-aakalang napakaguwapo pala ng kanyang magiging amo kung sakali. Sa palagay niya, ito ay lampas treinta pa lang.

Halos naumid ang dila ni Dane kanina nang mapagbuksan siya ng gate at tumambad sa kanya ang makisig at guwapong mukha ng lalaki. Her jaw almost dropped open. Kaya lang may pagkasuplado at pagkaantipatiko ang kanyang kaharap.

Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa at mula paa hanggang ulo bago siya pinapasok.

“Doon tayo sa dining area,” anito.

Inilapag niya ang kanyang bag sa tabi ng pinto pagkapasok niya ng bahay bago sumunod sa lalaki patungo sa komedor.

“Upo ka muna,” sabi nito, sabay muwestra sa upuan sa harap ng dining table.

Marahan siyang naupo at naging conscious sa sarili. Nanatiling nakatayo ang lalaki sa kabilang dulo ng mesa. Ang mga kamay nito ay nakapatong sa dulo ng sandalan ng upuan.

“Can I have your bio-data, please?”

“Po? Ano po ’yon?” Para siyang nabibingi at hindi niya nakuha kaagad ang tanong nito.

“Ang sabi ko, nas’an na ang bio-data mo?” masungit nitong ulit sa Tagalog. Marahil akala nito ay hindi siya marunong makaintindi ng Ingles.

Napangiwi siya. *Ba’t hindi ko naisip ’yon?* Oo nga naman, mag-a-apply siya ng trabaho at kailangan siempre ang biodata. Kahit katulong lang ay mahalaga pa rin iyon.

“Eh, hindi po ako nakapagdala, pasensya na po. Pero, Ser, kailangan ko talaga ng trabaho. Gagawin ko kahit ano.”

“Ano ang pangalan mo?”

“Inday,” pagsisinungaling niya. Gusto niyang itago ang kanyang identity kung makakalusot siya.

Lalong kumunot ang noo nito. “Your true name, please, not any aliases. Complete name.”

“Ay, Dane Serna po. ‘Inday’ po ang palayaw ko.” Wala siyang kawala, matinik ang kausap niya.

“Dane Serna,” pag-uulit nito ng kanyang pangalan. Wala siyang mabakas na emosyon dito. “You’re from where, Dane?”

“Palawan ho.” Maalala lang niya ang kanyang bayan at ang sitwasyong niya ngayon doon ay parang nakaramdam siya ng pangamba.

“Palawan,” pag-uulit ulit nito sa sagot niya. “You mean you came all the way here from Palawan?”

“Hindi naman po. Galing po ako sa pinsan ko, kaya lang po kailangan ko na pong umalis doon at makapaghanap ng trabaho. Wala po akong ibang alam kundi ang mamasukan bilang katulong. Sige na po, Ser, kailangan ko talaga ng trabaho para matulungan ko ang lola ko sa probinsya.” It was another lie. Nagiging sinungaling na siya.

“Nasaan ang mga magulang mo?”

“Matagal na pong patay, naaksidente sila n’ung bata pa ako. Lumaki ako sa lola ko po.” Iyon ang katotohanan.

“I see. Sigurado ka bang marunong ka sa bahay?”

“Ay, opo, marunong po ako sa bahay.” May bahagyang katotohanan iyon. Marunong siya maglinis, pero ang magluto ay medyo sablay siya dahil ilan lang ang alam niyang lutuin. Pero madali na lang siguro gawin iyon. Magbabasa siya ng mga cookbook. Kung may mahahagilap siya...

“Mapagkakatiwalaan ka ba?” anito at tinitigan ang dalaga.

Pakiramdam ni Dane ay matutunaw siya sa titig nito. His eyes were piercing.

“Mabuti po akong tao. Mapagkakatiwalaan n’yo po ako.”

Masusi nitong pinag-aralan ang mukha niya. Lihim naman siyang nag-usal ng panalangin na tanggapin siya.

“Are you telling me the truth? I can call the police anytime pag meron kang ginawang hindi maganda,” babala nito.

“Ay, opo. Promise,” nakangiti niyang wika. Ibig

bang sabihin nito, tanggap na siya?

Halos lahat ng mga sinabi niya ay totoo maliban sa ilang bagay, kaya hindi siya sinungaling. At higit sa lahat, hindi siya masamang tao. Nagawa lang niya ang ganitong bagay to save her life.

“Okay, tanggap ka na. But tomorrow, you have to fill up a bio-data. Bibigyan kita bukas. For my file purposes,” paliwanag nito. “If you can present an ID, much better. Any ID will do.”

Nag-isip siya. “Meron po akong voter’s ID.”

“Good. Come, I will show you your room.”

Sumunod si Dane. Dinala siya ng lalaki sa maid’s quarters na kanugnog ng kusina. Hanggang ngayon ay hindi niya alam ang pangalan nito dahil hindi naman ito nagpakilala sa kanya. Katamtaman ang laki ng kuwarto at may sariling banyo.

Inilibot siya nito sa kabuuan ng bungalow style na bahay. Medyo magulo at makalat nga iyon. Ito ay may isang master’s bedroom, isang guest room at library kung saan naroon ang entertainment room at maliit na gym. May isang banyo malapit sa sala at kusina. Katamtaman ang laki ng sala, dining hall at kusina. Sa likuran ay laundry area kung saan naroon ang washing machine at sampayan ng damit.

Binigyan siya nito ng instructions kung ano ang mga gagawin niya. “Your work is to clean the house, wash dishes, wash my clothes and iron them, go to the market and cook food for my breakfast and dinner. I usually eat my lunch at work so you don’t have to worry about it.”

“Okay po,” mabilis niyang sagot. Talagang alila nga ang labas niya nito. Kakayanin naman kaya niya lahat iyon?

Oo, pinagmamalupitan siya ng Lola Bretta niya, pero hindi iyong tipong ginawa siyang alila. Makasarili lang ang matanda, walang inisip kundi ang kagustuhan nito even if it means sacrificing her own happiness. Kahit papaano ay may katulong naman sa bahay ng kanyang abuela.

Mabuti na lang alam niya kung paano maglaba gamit ang washing machine at kung paano gamitin ang ilang bagay sa kusina. Ang hindi siya sanay ay ang mamalansta at magluto. Kung magsaing lang ay kakayanin niya pero kung maselan sa pagkain ang amo niya, isa itong malaking problema.

Abut-abot ang pasasalamat ni Dane sa pagtanggap sa kanya bilang katulong.

“Maraming-maraming salamat po. Promise, hindi

po kayo magsisisi sa pagkuha niyo sa akin.”

“Your salary will be five thousand pesos. You can eat what you want as long as meron dito sa bahay. Libre ang tubig, ilaw and of course, medical checkup. I am a doctor, by the way. I’m Dr. Greg del Rosario. I live alone kaya ako lang ang pagsisilbihan mo.”

Sa wakas, nasagot din ang tanong niya kung sino ito.

“You wanna say something?” Nahalata nito ang palihim niyang ngiti kaya biglang tumikom ang bibig niya.

“Ay, wala ho, Doc,” aniya, pagdaka’y tumawa siya nang pilit.

“Sige, puwede ka na munang magpahinga sa silid mo. I will eat dinner around seven o’clock. Just check out what’s in the ref na puwedeng maluto for the dinner. Pag nakaluto ka na, kumatok ka lang sa kuwarto ko, okay?” He turned to leave.

“Okay po.”

Pumasok si Greg sa kuwarto nito. Samantalang ang dalaga ay kinuha ang kanyang bag na iniwan niya kanina sa tabi ng front door bago pumasok sa silid na ookupahin niya.

Marami siyang tanong para sa amo niya. Sinabi nitong mag-isa lang daw ito. Binata kaya ito? May-asawa kaya o baka hiwalay?

Hindi naman makapagpahinga si Dane sa loob ng kanyang silid. She was still overwhelmed by what was happening to her. Hindi rin siya makapaniwala na babagsak siyang katulong sa isang simpatikong doctor.

In fairness, ang cute niya kahit masungit. Ang buong akala niya ay maninilbihan siya sa isang matandang mag-asawa. But she was very lucky indeed. Iisa lang ang pakikisamahan niya. Not bad enough. Mukha namang mabait si Dr. Greg kahit masungit ito.

Inayos niya ang kanyang mga gamit. Tamang-tama lang ang laki ng kuwarto para sa kanya. May double deck na higaan iyon. Mas pinili niya ang nasa ibabang higaan.

Nagpasya siyang maligo. Nagsuot siya ng pambahay na shorts at katamtamang luwag na t-shirt. Itinali niya ang kanyang buhok ng isang ponytail.

Sinipat niya ang kanyang sarili sa salamin. “Pagbutihin mo ang trabaho mo, ha,” aniya sa kanyang

reflection. Napangiti siya. Sa hitura niya ngayon ay parang hindi kapani-paniwala na kasambahay siya sa bahay na iyon.

Nangingiti at naiiling siya sa sarili na lumabas ng quarters niya para magtungo sa kusina. Kailangan niyang malaman kung ano laman ng refrigerator para makapag-isip siya kung ano ang puwedeng iluto.

Nang tingnan niya sa kusina ang mga kailangan sa pagluto ay napasimangot siya. Wala siyang makitang sibuyas. Napansin niyang may ilang cloves ng bawang, ang bote ng toyo ay halos wala nang laman, ubos na ang suka. May mantika, kalahating bote pa.

She checked the refrigerator. It was almost empty. Walang laman ang freezer, pati chiller. Ang mayroon ay kalahating dosenang itlog. Ang gulay ay tuyot na. May ilang kamatis at kalamansi saka mga palaman ng tinapay. Nadismaya siya sa nakita. Ano ang lulutuin niya? Tumingin siya sa orasan niya; pasado alas cinco na.

Naiinis na napailing siya.

3

Nakahiga si Greg sa kanyang higaan habang nakatingin sa kisame. Matapos niyang bigyan ng instruction ang kanyang bagong kasambahay ay tinawagan niya ang agency para i-cancel ang pagkuha niya ng katulong dito dahil may nakuha na siya. Tinanggal na rin niya sa labas ang nakapaskil na karatula kanina.

He could sense something mysterious about his new maid. Kahit mukha itong bruha nang una niya itong makita dahil magulo ang buhok at maluwag ang damit ay hindi niya maitatangi ang simpleng ganda nito. Kung naayusan lang siguro ito ay tiyak na mas maganda ito kaysa karaniwang mga babae na nakakasalamuha niya.

Maputi ito, makinis ang balat at mukhang walang alam sa trabaho. But his curiosity about her made him decide to accept the woman to be his maid. Pag nakuha niya ang ID nito ay puwede niya itong ipa-background investigation sa mga kakilala niyang private detectives specializing in surveillance. Alam niya ang ganitong pasikut-sikot because he worked closely with the military before in the forensic field. Marami siyang naging kaibigan na may ranggo sa

Armed Forces of the Philippines who were involved in intelligence work.

He had closely scrutinized her face, every reaction, emotion and action. He could see a hidden fear behind her beautiful façade as she tried to conceal it with her funny smile.

Was she running away from something or from someone? He could only guess. Pero may naisip na siya kung ano ang gagawin upang malaman ang tungkol sa tunay na pagkatao nito. He didn't even buy her pretension to be something she was not like pretending her name to be 'Inday'.

Maaga siyang umuwi sa araw na ito para makapagpahinga. Bukas ng umaga ay may schedule siya for a bypass operation sa isang pasyente. Pero sa halip na makapag-rest ay lalo lang gumagana ang isip niya.

Napagpasyahan na lang niya na lumabas ng silid at tingnan kung ano ang lulutuin ng kanyang kasambahay.

Nag-iisip nang malalim si Dane kung ano ang gagawin habang nasa harapan ng lababo nang dumating ang binatang doktor. Hawak niya ang isang

pirasong itlog, hindi malaman kung paanong luto ang gagawin, scrambled o sunny side-up. Walang ibang puwedeng maluto.

Nakatalikod siya kaya hindi niya namalayan ang pagpasok ni Greg sa kusina. Hindi rin niya napansin kung paano siya nito tiningnan mula sa kanyang likuran.

“Hey, what are you going to cook?”

Nagulat si Dane. Magugulatin pa man din siya pag nabibigla.

“Ay, binatang kabuti!” Halos mabitawan niya ang hawak na itlog sa pagkagulat.

“Come again?” Kamuntik na itong mapahalakhak sa nakitang reaksyon ng dalaga sa pagkagulat ngunit pinigil nito ang sarili.

She turned around. Their eyes met.

Greg was a little mesmerized to see her, neat and prim. Wala ang magulong buhok niya. Sa simpleng ayos ay lalong lumutang ang kanyang ganda. His eyes were glued on her.

Ang dalaga ang unang bumawi ng tingin. Pakiramdam niya ay napapaso siya sa tingin ng amo. Bigla tuloy siyang na-conscious sa sarili. Pero hindi pa

rin niya maiwasan ang hindi mainis dahil ang poise niya sa pagkagulat. Mabuti at hindi niya naibato rito ang itlog.

“Sus naman, Ser! Ginugulat n’yo ako,” kontrol ang inis na wika niya. Hindi man lang niya namalayan ang pagpasok nito sa kusina. Para itong aswang na bigla na lang lumitaw.

“I said, what do we have for tonight?” anito. But he couldn’t deny his amusement toward her. Or could he simply say, his attraction on her?

“Eto, itlog. Pinritong itlog na kamuntikan pang mabitiwan ang ating menu.”

“Fried egg? Is that all that you know how to cook? Sigurado ka ba sa pinasukan mo?” He wanted to tease her this way.

Aba, ang gunggong na ito, very demanding. Huwag mo akong hamunin baka mapatulan kita, hmph! Sa isip-isip ni Dane ay gusto niyang mag-react, kaya lang baka mapatalsik siya. Minabuti niyang huwag pansinin ang sinabi nito.

“Eh, papaano ako makakapagluto kung itlog lang ang meron? Hindi ko rin makita ang bigas, paano ako makapagsasaing?”

“Oh...” Natutop nito ang noo. Nawala sa isip nito na walang laman ang kusina simula nang umalis si Manang Ludring. “I’m sorry, I forgot. Halos dalawang linggo na palang wala rito si Manang Ludring kaya walang laman ang ref. Kaya mo bang mamalengke ngayon?”

Mamalengke ’ik amo? Ako? Mag-isa? Naku po, patay! Ano ba ang alam niya sa lugar dito? First time nga lang niyang makapunta rito baka kung saan siya makarating.

“Ah... eh...” Paano ba niya sasabihin na ayaw niyang mamalengke mag-isa dahil hindi niya alam ang lugar? “Ser, hindi ko pa nga alam ang pasikut-sikot dito, eh,” aniyang mabilis na nakaisip ng katuwiran.

“So hindi mo kayang mamalengke mag-isa?” paniniguro nito.

Tumawa siya nang pilit. “Hindi.”

“Okay,” anito makaraang bumuntong-hininga. “Wait for me outside. I’ll just get the key of my car. Check the back door if it’s locked,” bilin nito bago tumalikod.

Nakahinga siya nang maluwag. Itinabi niya ang itlog bago tiningnan kung bukas ang pinto sa likod.

Nang masiguro na okay ang lahat ay lumabas na siya ng bahay para hintayin ang amo na pumasok sa kuwarto nito.

She made a mental note what were needed in the kitchen para mabilis na makabili sila sa palengke.

Mayamaya lang ay lumabas na rin si Greg. Ikinandado nito ang pinto ng bahay. “Please open the gate,” nguso nito sa lumang gate bago pumasok sa kotse.

Kaagad namang tumalima ang dalaga. Marahan niyang isinara ulit iyon nang makalabas ang sasakyan nito. Lumapit siya sa kotse. She was expecting that he would open the door for her.

Bumaba ang salamin ng bintana ng kotse at dumungaw roon ang mukha ng lalaki. “Hey, what are you standing there for? Get inside.”

Nakalimutan niyang katulong pala siya. *Pero kahit na, nag-aksaya man lang sana na pagbuksan ako!* Hindi iyon matanggap ng kanyang pride. Kaya ang ginawa niya ay sinadya niyang sa likuran sumakay sa halip na sa tabi nito.

“No, not there,” protesta nito nang binuksan niya ang pinto ng sasakyan sa likuran at aktong uupo na siya. “Dito ka sa harapan,” anito. Inabot nito ang

kabilang pinto, binuksan iyon para sa kanya.

Tumalima siya. Tahimik siyang naupo sa tabi nito at palihim na tiningnan ang mukha nito mula sa front mirror ng sasakyan. Ito naman ay tahimik din na nagmaneho kung saan man sila pupunta.

Guwapo sana ito kaya lang masungit at may pagkaantipatiko. Laging seryoso at bihira kung ngumiti. Hindi rin niya mabasa ang expression ng mukha nito, laging pormal. His eyes were always piercing kung ito ay tumingin sa kanya. His lips were perfect, she couldn't see any trace of nicotine. Sigurado siya na wala itong bisyo.

He could be an ideal boyfriend or husband when it comes to physical appearance. Ang katawan nito ay matipuno. His arms were strong and she could see that through his fitting clothes. Kaya lang sa ugali, duda siya.

Their eyes met. He gave her a quizzical look. Paingos siyang nag-iwas ng tingin dito. Naiinis pa rin siya sa lalaking ito.

Dinala siya nito sa mall sa Cubao. Akala niya ay pupunta sila sa wet market.

“I doubt if we can still buy some fresh meat in the wet market, kaya doon muna tayo sa grocery,”

anito na tila nabasa ang naglalaro sa kanyang isipan.

Nang maiparada nito ang sasakyan, si Dane ang unang bumaba. ayaw na niyang umasa na pagbubuksan pa siya nito ng pinto. Hindi niya dapat kalimutan na kasambahay ang papel niya.

Hinintay niya itong makababa saka siya sumunod dito kung saan sila pupunta. Hindi niya kabisado ang lugar.

Kumuha ng push cart si Greg nang sila ay makapasok sa grocery ng mall.

“Just pick up anything you have in mind para sa kusina and put it here,” anito sa kanya bago ito nagtingin-tingin sa mga bibilhin.

Nakita niya ang meat area kaya dumerecho siya roon. Buti na lang ang mga grocery stores ngayon sa Manila ay may mga karne na ring puwedeng bilhan pati mga gulay, prutas at kung anu-ano pa na kadalasan ay nakikita lang sa palengke.

Ngayon ay kailangan niyang mag-isip ulit kung ano ang bibilhin para sa lulutuing ulam. Tinandaan niya kung ano ang kadalasang inuulam nila sa bahay na puwede niya ring subukang lutuin at kung ano ang mga sangkap nito para mabili na lahat.

Sana hindi maselan sa pagkain ang amo niya. Ang alam lang niyang lutuin ay prito.

“May napili ka na?” It was Greg. Hindi niya namalayan na nasa likuran na pala niya ito.

Lumingon siya rito. May laman na ang dala nitong cart, halos mangalahati na. Ganoon na ba siya katagal na nakatunganga at hindi alam kung ano ang kukunin? Gusto niyang mainis sa sarili.

“I... Hindi ko alam kung ano ang bibilhin.” Kamuntikan na siyang mag-Ingles. Buti na lang nabawi niya kaagad. “Ano ba ang puwede kong lutuin?” She really needed some help.

“Let’s see,” anito saka tumingin-tingin sa mga items kung ano ang maaaring piliin. Siya naman ay walang magawa kundi ang bumuntot dito. “Let’s take this whole chicken,” sabi nito pagkuwan. More than a kilo iyon, ayon sa barcode. “You can fry this, o kaya tinola or adobo. Ikaw na ang bahala.” Kinuha nito ang manok na nakabalot ng plastic at inilagay sa cart.

Hindi siya makasagot. Napapalunok na siya. Paano ba ang magluto ng tinola? Mag-adobo siguro ay kakayanin niya.

“Here, may barilyete,” saad nito. Kumuha sila ng kalahating kilo. Kumuha na rin si Greg ng mga

gulay na puwedeng isahog o lutuin. At siya, tahimik na sumusunod. Sa tingin niya ay mas marunong pa yata itong magluto kaysa sa kanya.

Pagdating sa mga spices, siya na ang kumuha at naglagay sa cart katulad ng sibuyas, kamatis at bawang.

Nakahinga nang maluwa si Dane nang ang lalaki na ang namili kung ano pa ang bibilhin. Makaraang makuha nila ang mga kailangan ay pumila na sila sa cashier at binayaran ang mga pinamili nila.

Dalawang ecobags din ang pinagkasyahan ng kanilang pinamili. Nakahinga ulit siya nang maluwa nang ito na ang kumuha ng mga bag.

“Ako na po ang magbibitbit ng mas magaan,” boluntaryo niya.

“Are you sure?” anito at iniabot sa kanya ang isang ecobag na mas magaan kaysa isa.

Mabigat din pala. Gusto niyang madismaya sa ginawang pagboboluntaryo.

“I’m starving,” wika nito. “I want to rest early tonight, baka hindi ko na mahintay kung magluluto ka pa. Kain na lang tayo doon sa food court,” dagdag nito.

Dane felt relieved. She didn't have to cook for tonight. Malaking gaan ito para sa kanya.

At doon nga sila kumain sa food court.

“How's your life in Palawan? Bakit mas gusto mong mamasukan bilang katulong dito sa Manila?” mayamaya ay tanong nito sa kanya makaraan ang ilang sandaling katahimikan sa pagitan nila.

Pakiramdam niya ay biglang umurong ang kanyang dila. Kung gaano siya kasarap kumain kanina, ngayon ay tila biglang nawalan siya ng gana dahil sa tanong nito. Ano kaya ang isasagot niya na pagsisinungaling dito? Nagi-guilty na siya. Sabihin na lang kaya niya ang totoo? Pero baka palayasin siya... baka matakot ito at madamay sa problema niya.

“Hey,” untag nito sa kanyang pagkatulala. Hindi nakaligtas dito ang kanyang pagkalito, ang takot na rumehistro sa kanyang mga mata at ang kanyang biglang pananahimik. “Ba't ang lalim mong mag-isip sa tanong ko? May itinatago ka ba?”

“Wala ho,” kaagad niyang tanggi bagaman nararamdaman niya ang pamumula ng kanyang mga pisngi sa pagkapahiya. “Mahirap lang ho talaga ang buhay namin doon, kaya kailangan kong dito na lang mamasukan.” Hindi niya alam kung nakakahalata na

ito sa kanya.

Mataman lang siya nitong pinagmasdan at pagkatapos ay tahimik na nitong tinapos ang pagkain. At siya naman ay tuluyan nang di nakakain.

Pagkatapos nilang kumain ay kaagad na rin silang umuwi.

“Tomorrow, you can start cleaning the house,” utos nito nang makauwi sila at maiayos ang mga grocery items. “Pero unahin mo muna siguro maglaba. I need you to wash my clothes lalo na mga underwear ko and socks.”

“U-underwear?” Goodness! Maglalaba siya at uunahin niya ang mga underwear nito? Gusto niyang pamulahan ng mukha.

“Underwear. Briefs,” pagdidiin nito. “Is there something wrong with that?” He sounded more amused than sarcastic.

Pinaglalaruan ba ako nito? “W-wala. Nililinaw ko lang.”

“Good. I’m tired, I need to rest early.” Ito ay tumalikod para pumunta sa silid nito.

“Anong oras ang alis n’yo bukas para makapagluto ako ng almusal?”

From Maid To Wife - Thea Roman

“Six o’clock,” he replied without looking back.

“Anong luluuin ko?” pahabol niya.

“Scrambled egg and bread will be fine.”